REBYU

# Ang MMFF 2009 Bilang Pampalipas ng Paskong Pilipino

*(The MMFF 2009 as a Filipino Pastime During Christmas)*

Libay Linsangan Cantor

Ang rebyu na ito ay naglalayong tingnan kung ang 2009 Metro Manila Film Festival ay patuloy na itinataguyod ang naitalang layunin ng *festival* na matulungan ang pelikulang Pilipino sa pamamagitan ng pagtatanghal ng mga pelikulang de-kalidad at kaaya-ayang gastusan ng mga tao para panoorin sa sinehan sa takdang panahon ng pagpapalabas nito.

Nasanay na ang mga manonood ng pelikulang Pilipino na tuwing Pasko, ang mapapanood na mga pelikula sa kalakhang Maynila ay pawang mga gawang lokal lamang – walang Hong Kong *action film*, walang mga dramang *independent* European *film*, at lalong walang Hollywood *special effects film*. Pero hindi nangangahulugang hindi natin makikita ang mga elementong ito – ang *action*, drama, o *special effects* na mala-Hollywood sa mga pelikulang ipinapalabas sa Metro Manila Film Festival (MMFF). Ganito na ang nakagawian mula pa noong unang ginanap ang *festival* hanggang sa pinakahuling kaganapan noong 2009 na nagsisilbing ika-35 taon nito.

## Maikling kasaysayan

Ang Metro Manila Film Festival ay ang taunang festival na nakuha ang inspirasyon kay Antonio J. Villegas, gatpuno ng Maynila, noong 1966, nang sinimulan niyang atasan ang mga sinehan na pawang mga pelikulang Pilipino lamang ang ipalalabas sa Maynila sa loob ng 10 araw. Ang atas na ito ay konektado sa selebrasyon ng Araw ng Maynila na ginaganap tuwing ika-24 ng Hunyo.

Mula rito, ang Philippine Motion Picture Producers Association (PMPPA), sa pamumuno ng aktor na si Joseph Estrada ay naglunsad noong 1973 ng kahalintulad na festival sa Maynila at sa iba't ibang siyudad sa Pilipinas tulad ng Baguio, Davao, Cebu, Bacolod at Iloilo. Ang nag-iisang tatanggap ng ganansiya

ng festival ay ang itinaguyod din niyang Movie Workers Welfare Foundation o MOWELFUND, ang institusyong naglalayong matulungang makakuha ng benepisyo ang "maliliit" nguni't mga importanteng trabahador ng industriya ng pelikulang Pilipino. Pormal na itinatag ang MMFF ni Estrada noong 1975, kasama ang yumaong si Guillermo de Vega, kasapi sa gabinete ni dating Pangulong Ferdinand Marcos at namumuno noon ng Board of Censors, ang sinaunang porma ng institusyong kilala ngayon bilang Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB).

Ang MOWELFUND ang namumuno sa pagpapatakbo ng MMFF at ito rin ang nag-iisang benepisyaryo nito noong una, na nadagdagan na lamang ng iba pang benepisyaryo tulad ng Film Academy of the Philippines (FAP) at mga sinauna at kasalukuyang katawan o porma ng mga ahensiyang *anti-film piracy* ang pangunahing layunin.

Noong 1976, inilipat sa Metro Manila Commission (MMC) – na kilala ngayon bilang Metro Manila Development Authority (MMDA) – ang pagpapatakbo at pamamalakad ng MMFF (23$^{rd}$ MMFF S*ouvenir Programme*, 1997).[1]

Noong una, anim na pelikula lamang ang pinipili para makalahok sa MMFF bawa't taon na sabay-sabay ipinapalabas sa loob ng panahon ng festival. Nguni't simula noong 2001, tumaas sa siyam ang piniling pelikula. Nagpatuloy ito hanggang 2003, at nabawasan ng isa noong 2004 at 2005. Bumalik ulit sa siyam noong 2006 at 2007. Noong 2008, walo lamang ang pelikulang kasali samantalang pito lamang ang kasali noong 2009.

Kasama rin sa festival ang pagkakaroon ng *Parade of Stars* kung saan nagpapagandahan ng *float* ang bawa't pelikulang kasali. Sa float ay nakasakay ang mga artistang tampok sa pelikula at ipinaparada sa napagkasunduang mga bahagi ng Maynila para makita ng mga tagahanga. Kasama rin dito ang Gabi ng Parangal (*Awards Night*) kung saan pinaparangalan ang iba't-ibang teknikal at malikhaing aspeto ng mga pelikulang kasali sa festival.

Noong 2002, nagkaroon ng mas malawak na sakop ang MMFF nang ginawa itong Metro Manila Film Festival of the Philippines (MMFFP) kung saan kasama na rin sa pagpapalabas ng eksklusibong pelikulang Pilipino tuwing Pasko ang mga siyudad tulad ng San Fernando sa Pampanga, Cebu at Davao. Noong 2003, dumagdag ang Cagayan de Oro sa listahang ito. Gayumpaman, nananatili itong kilala sa nakagawiang tawag na MMFF.

## Piling-piling pagpili

Mula noon hanggang ngayon, hindi nagbabago ang layunin ng MMFF na tulungan ang industriya ng pelikulang Pilipino at ang mga manggagawa nito. Dahil sa walang nakatakdang benepisyo tulad ng mula sa Government Service Insurance

System (GSIS) o sa Social Security System (SSS) ang mga maliliit na manggagawa sa pelikula, ang pagiging miyembro nila sa MOWELFUND ang makakapagbigay ng kahalintulad na benepisyong maaaring matamasa mula sa GSIS o SSS. Ito ang dahilan kung bakit kailangang kumita nang malaki ang festival bawat taon.

Nagiging ikalawang layunin ng MMFF ang magpalaganap ng suporta para sa pelikulang Pilipino mismo. Ayon sa mga alituntunin sa pagpili ng mga pelikula noong 1998, nangunguna ang "pagkamasining, pagkamalikhain, kagalingang teknikal, kabaguhan at kahalagahang tematiko" bilang pinakamahalagang alituntunin (50% sa kabuuang 100%), kasunod ang "lakas na pangkomersyal at kahalagahang pandaigdig (*global appeal*)" (30%), at ang "positibong kahalagahang kultural na Filipino" (20%). Ang isa rin sa mga orihinal na layunin ay nakasaad bilang "[T]umutulong ang MMFF na malinang na lalo ang Filipino bilang *lingua franca*" ($24^{th}$ MMFF Souvenir Programme, 1998).[2]

## Pasado at hindi sa takilya

Labas sa layuning kumita at mabigyan ng pinansiyal na tulong ang mga manggagawa ng pelikulang Pilipino, maaaring kilatisin kung ang pitong pelikulang kasali sa MMFF 2009 ay ipinagpapatuloy pa ang mga layunin ng festival. Maaari itong makita sa kalidad ng mga pelikulang kasali.

Nakasaad din sa layunin ng festival ang pagkakaroon ng kinatawan ng isa o hanggang dalawang pelikulang nabibilang sa iisang uri o *genre*. Sa tala ng mga pelikulang kasapi, makikitang dalawa ang nabibilang sa drama (***Mano Po 6*** at ***I Love You, Goodbye***), dalawa ang *comedy* (***Nobody, Nobody But… Juan*** at ***Ang Darling Kong Aswang***), isa ang *horror/suspense* (***Shake, Rattle and Roll XI***) at dalawa ang pantasya (***Ang Panday*** at ***Wapakman***). Maaaring pagtalunan na halo ang genre ng ***Ang Darling Kong Aswang*** pero sa huli, makikitang ang pelikulang ito ay komedya ang pangunahing istraktura na pinalamutian lamang ng ilang elementong panakot (na hindi tahasang nananakot pero nagiging simula rin ng mga pagpapatawa).

Sa ilang taon ng pagpapatakbo ng MMFF, nagpapalit-palit lamang ang nangunguna sa takilya sa mga genre ng pelikulang kasapi. Noon ay kung hindi drama o aksiyon ang nangunguna, pantasya ang pumapaibabaw. Kaakibat rin nito ang pangunahing artistang gumaganap sa pelikula kung kaya't minamabuti ng mga prodyuser na ilahok ang mga artistang malalaki ang pangalan sa kanilang pelikulang kasapi sa taunang MMFF. Iilan lamang sina Nora Aunor, Joseph Estrada, Fernando Poe, Jr., Ramon Revilla (Senior at Junior), Maricel Soriano, Vilma Santos, Christopher de Leon, Dolphy, Sharon Cuneta at Judy Ann Santos sa malalaking pangalan sa kasaysayan ng pelikulang Pilipino na madalas ay may pelikulang kalahok sa taunang MMFF.

Dahil sa ipinapakita ito sa panahong ang buong pamilya ay lumalabas at nanonood sa mga sinehan, naging layunin na rin ng mga prodyuser at *filmmaker* ang magawaran ng klasipikasyong pampamilya ang kanilang pelikula, at kadalasa'y ang pelikulang pantasya ang sabay-sabay na pinapanood ng buong pamilya – puwede ang bata, puwede ang matanda, kaya't mas malaki ang kita. Kaya hindi rin alintana ng mga prodyuser na maglaan ng mas malaking badyet na pamproduksiyon para mas magarbo ang mga pelikulang isasali sa MMFF.

Sa taong nagdaan, malinaw sa kinita sa takilya na pantasya ang nangunguna sa mga manonood. Ayon sa talang inilabas ni San Diego (2009), humigit na sa 100 milyong piso ang kinita ng ***Ang Panday*** noong Enero 2010 at pumapangalawa rito ang ***I Love You, Goodbye*** na umabot sa 94 milyong piso, samantalang ang komedyang ***Ang Darling Kong Aswang*** ay hindi nalalayo sa kinita nitong 89 milyong piso mahigit. Ang horror film na ***Shake, Rattle and Roll XI*** – na kadalasa'y isa rin sa paborito ng mga kabataan, lalo na ng mga tinedyer – ay nasa ikaapat na puwesto sa kita nitong 77 milyong piso. Ang ikalawang drama, ang ***Mano Po 6***, ay nasa ikalima sa kita nitong 42 milyong piso at ikaanim, ang ***Nobody, Nobody But… Juan,*** sa kita nitong 31.9 milyong piso samantalang ang ***Wapakman*** ay nasa kalunos-lunos na huling lugar sa kinita nitong 2.6 milyong piso lamang. Ayon sa mga balitang naitala, umabot sa 437.6 milyong piso ang kabuuang kinita ng festival, mas mababa nang kaunti sa kinita noong 2008 na 450 milyong piso. (San Diego, 2010a)

## Mga buod ng mga pelikula

Narito ang buod ng kuwento ng mga pelikulang kasapi sa MMFF 2009:

***Ang Panday.*** Ito ay tungkol sa isang mahiyain nguni't matipunong panday ng isang maliit na bayang sinasakop at ginugulo ng isang masamang nilalang na si Lizardo. Naghahanap ang bayan ng isang tagapagtanggol nila mula sa kasamaan. Isang bulalakaw ang nalaglag sa bayan at kinuha ito ng panday para gumawa ng isang mahiwagang punyal. Ang pagkakaroon ng punyal – na nagiging mahabang sandata – at ang panawagan ng mga kababayan, kasama na rin ang pagdukot sa babaeng napupusuan, ang nagtulak sa panday para hanapin ang kaharian ni Lizardo at talunin ito.

***I Love You, Goodbye.*** Ito ay tungkol sa isang magsing-irog na nagsisimula at sabay gumagawa ng propesyunal na buhay. Isang araw, naglahong bigla ang lalaki. Dala ng dalamhati, napaibig sa isang lalaking mas matanda sa kanya ang babae, at nagkaroon ng mga panibagong hamon at kasayahan – hanggang sa muling nagpakita ang kanyang nawalang nobyo.

***Ang Darling Kong Aswang.*** Ito ay tungkol sa isang biyudong napaibig sa isang kalilipat lamang na kapitbahay, na ikinatuwa naman ng kanyang mga

anak. Lingid sa kanila, ang bago niyang asawa ay isa palang aswang na tumakas sa mga kaaway nito sa probinsiya.

***Shake, Rattle and Roll XI.*** Katulad ng mga naunang pelikula sa seryeng ito, tatlong maliliit na kuwento ang nakapaloob sa buong pelikula na tinatawag na *trilogy*. Ang una ay tungkol sa isang *traje de bodang* nabili sa ukay-ukay na pinamahayan na pala ng isang masamang espirito. Ang ikalawa ay tungkol sa isang *medical intern* sa ospital na nakisalamuha sa isang batang tila sinapian ng isang demonyo, na sa paglaon ay sumapi na rin pala sa kanya. Ang ikatlong kuwento ay tungkol sa isang magkakabarkadang tinedyer na namasyal sa isang gubat at isa-isang nagkaroon ng engkuwentro sa mga lamang-lupang nakatira doon.

***Mano Po 6.*** Katulad ng mga naunang pelikula sa seryeng ito, ang pelikula ay tungkol sa buhay at laban ng mga Filipino-Chinese. Umiikot ang kuwento sa buhay ng isang babaeng may kalahating-Filipino at kalahating-Tsino na lahi, na hindi tanggap ng pamilya ng kanyang asawa na purong Tsinong ang lahi. Sa pagsisikap na mas umunlad ang buhay niya para maging katanggap-tanggap sa pamilya ng asawa, iniwan niya ang isang anak sa piling ng mga ito. Nang makamit niya ang tagumpay, saka niya binalikan ang pamilyang nang-api sa kanya at ang anak na naiwan doon – na siya namang nagdulot ng mga panibagong pagsubok sa buhay niya.

***Nobody, Nobody But… Juan.*** Ito ay tungkol sa isang matandang beterano ng bodabil bago pa man dumating ang mga Hapon sa Pilipinas. Sa kanyang pagtanda ay sa Amerika na nakatira, sa isang *nursing home* na pag-aari ng anak niyang doktor. Sa pagkahumaling sa pananghaliang *game show* sa telebisyon na ***Wowowee***, naisipan ng matandang umuwi sa Pilipinas para manood at makisali sa programang ito.

***Wapakman.*** Ito ay tungkol sa isang ordinaryong manggagawang biglang nabiyayaan ng pambihirang kapangyarihan. Dahil na rin sa pagnanais na mapahanga ang mga anak, siya ay sikretong nagdamit na parang *superhero* at tumulong sa mga naaapi. Pero kinailangan niyang mamili kung mas nais niyang maging superhero ng lahat o bumalik sa pagiging ordinaryong ama ng kanyang pamilya.

## Kilatis sa kuwento

Maaaring tingnan kung kaakibat ba sa kalidad ng kuwento ang kita ng pelikula sa MMFF.

Kung pagbabasehan ang nakakuha ng parangal para sa kategoryang Best Festival Original Story, ang pinakamahusay na kuwento sa festival ay ipinakita ng ***I Love You, Goodbye*** na isinulat ng mga baguhang sina Vanessa Valdez, Anna

Karenina Ramos at Kriz Gazmen. Kung titingnan ang balangkas ng kuwento, hindi na ito gaanong bago. Tungkol ito sa isang dalaga (Angelika Panganiban) na iniwan ng kanyang kasintahan (Derek Ramsey) sa hindi niya mawaring dahilan. Nakakilala siya ng isang diborsiyadong doktor (Gabby Concepcion) na mas matanda sa kanya, kaya't ang anak nito (Kim Chiu) ay halos nalalapit lamang sa edad niya. Ang anak ng doktor ay napaibig sa nawalang kasintahan na siya namang nagbalik at muling inaangkin ang dating nobya. Dito umikot ang kuwento hanggang sa magtapos sa pamamagitan ng pagtatahi sa mga nangyari sa nakaraan ng mga karakter na nagdulot ng implikasyon sa direksiyon ng kanilang kasalukuyang buhay.

Ang ganitong uri ng balangkas sa kuwento ang siya nang namamayani sa telebisyon ngayon, salamat sa labanan sa pagandahan ng mga drama serye ng dalawang nangungunang *TV networks* na ating napapanood linggo-linggo. Ang mga artistang gumanap sa pelikulang ito ay mga "suki" na rin ng mga drama serye na ito, kung kaya't madaling marating ang pangambang baka madaling mapagsawaan ng mga manonood ang ganitong uri ng mga kuwentong napapanood naman din nila sa telebisyon gabi-gabi. Pero sa kabilang banda, pumangalawa pa rin ito sa takilya sa MMFF, na maaari ding magdulot ng konklusyon na talagang mahilig ang manonood sa mga ganitong uri ng drama, mapa-pelikula man o mapa-telebisyon, kahit na paulit-ulit nang nagagamit ang ilang estilo ng paglalahad ng ganitong mga kuwento.

Nakadagdag marahil sa pagkapulido ng pelikula ang tinaguriang *production values* nito, kung saan makikita ang linaw at husay ng trabaho sa sinematograpiya at editing ng pelikula, na siya ring nagawaran ng parangal sa dalawang larangang ito. May kinalaman dito ang pulso ng direktor na siyang gumagabay sa kilos at arte ng nakikita nating kabuuang eksena sa pelikula bagama't hindi nagawaran sa larangang ito ang direktor ng pelikula na si Laurice Guillen. Gayunpaman, nanalo ang pelikula bilang *Second Best Picture* kasunod lamang ng ***Ang Panday***.

Naging kontrobersiyal ang pagkapanalo ng ***Ang Panday*** bilang *Best Festival Picture* dahil isinama sa alituntunin ng paghusga ang kinita ng pelikula. Labas sa intrigang ito, dapat mas kilatisin ang production values ng pelikula kaysa sa kinita nito.

Halaw pa rin ang kuwento at mga karakter sa nobelang-komiks na isinulat ni Carlo J. Caparas ang matatagpuan sa ***Ang Panday.*** Mahusay naman ang production values ng pelikula dahil sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya para sa *special visual effects* nito na natulungan ng trabaho sa sinematograpiya ni Regiben Romana. Pero kumpara sa naunang pelikulang pang-MMFF ni Revilla, Jr. na ***Resiklo*** noong 2007, madaling nahusgahan ng

manonood kung ang kuwento ay kopya lamang sa Hollywood (kaduda-dudang kahalintulad sa kapapalabas pa lamang noon na ***Transformers*** ang ***Resiklo***) o halaw sa kuwentong nakasanayan na ng mga Pilipino (nagsimula ang ***Panday*** noong dekada '70 pa). Kaya kahit hindi mahusay ang paglalahad at paghahabi ng kuwento ng pelikula, marahil ay sabik pa rin ang mga manonood na makakita ng isang pantasyang halaw ang mga elemento sa kuwentong malinaw na Pilipino at hinaluan ng ilang elementong nakikita rin nila sa Hollywood (sa larangan ng special visual effects).

Ito rin marahil ang dahilan kung bakit pumatok sa manonood ang komedyang ***Ang Darling Kong Aswang*** na dinirihe ni Tony Reyes, na siyang nagwagi bilang *Third Best Picture*. Kahit napapanood ng mga tao sa telebisyon tuwing tanghali ang karamihan sa mga nagsiganap dito (sa tanghaliang palabas na ***Eat Bulaga*** sa pangunguna ni Vic Sotto), nagpakita naman ang pelikula ng kakaiba o modernong presentasyon ng isang elementong malinaw na Pilipinong-Pilipino, ang aswang, na hinaluan ng katawa-tawang mga elemento na hindi pa luma o korni. Sa aking opinyon, ang pelikulang ito ang dapat nanalo ng pinakamahusay na kuwento at *script* sa festival dahil sa magandang paglalahad ng kuwento at mahusay na balangkas nito. Pero mainam na rin ang kinalagyan nito dahil sa pumangatlo ito sa mga kumita sa festival.

Kung titingnan ang tatlong pinakamataas ang kita, malinaw ang pagka-komersiyal na tukoy ng kanilang mga kuwento na tinatambalan nila ng mga elementong sa tingin nila ay magugustuhan ng mga manonood. Malinaw ding hindi nila isinasakripisyo ang production values na siyang nakakadagdag sa tinaguriang *commercial viability* ng pelikula. At dahil sa husay ng paggawa ng ilang elementong ito, malinaw ding may pagsubok sa pagbabalanse ng pagiging komersiyal sa pagiging pagka-masining o pagkamalikhain.

Una itong nabanggit ni Velasco (2004) nang sinabi niyang:

> *While some quarters may lament the commercial thrust of film festivals in this country, some even advocating the abolition of such annual practice, it must be pointed out that mainstream filmmaking has always been commercial. Ever since the Philippines imported the technology of filmmaking from the Americans at the turn of the 20th century, the commercial thrust, the manner of producing, distributing and exhibiting of local films have always followed the Hollywood model.* (Habang may ilang kampo na ikinalulungkot ang komersyal na tunguhin ng mga *film festivals* sa bansang ito, at may ilan pa ngang isinusuong ang pagsasara ng taunang gawaing ito, nararapat lamang na sabihing ang paggawa ng *mainstream* na pelikula ay dati nang komersyal. Magmula nang

maangkat ng Pilipinas ang teknolohiya ng paggawa ng pelikula mula sa mga Amerikano noong pagpasok ng ika-20 siglo, ang layuning komersyal, ang pamamaraan ng pagpoprodyus, pamamahagi at pagpapalabas ng mga lokal na pelikula ay nakagawian nang isinusunod sa modelo ng Hollywood.)

Kung titingnan naman ang tatlong pelikulang pinakamababa ang kita, malinaw na naipaparating ng mga manonood na hindi na mahalaga sa panahon ngayon ang hatak ng malalaking pangalan ng artista. Kahit ang may internasyunal na popularidad na si Manny Pacquiao, na madaling nakakabenta ng *pay-per-view* tiket ng kanyang mga laban sa boksing saanman sa mundo, ay hindi naman mahusay na nakabenta ng tiket ng pelikula niyang ***Wapakman.***

Kinilatis rin ito ng direktor na si Jose Javier Reyes sa isang panayam:

> *Reyes recounted that Pacman's entry in the MMFF two years ago, **Anak ng Kumander**, was also a tail-ender at the tills, earning barely P2 million by the end of the festival. "People will stop their lives to watch him fight in the ring, but it seems they will not go out of their way to watch him goof around in a movie," Reyes pointed out. "He is a real-life hero; not a superhero."* (Inalaala ni Reyes na ang pelikula ni Pacman sa MMFF dalawang taon na ang nakalipas, ang ***Anak ng Kumander***, ay nahuli din sa takilya at halos hindi pa umabot sa 2 milyon ang kinita nito sa pagtatapos ng festival. "Ihihinto ng mga tao ang kanilang buhay mapanood lamang siya sa boksing ring, pero mukhang hindi sila gagawa ng paraan para mapanood siyang magpatawa sa sine," sabi pa ni Reyes. "Isa siyang bayani sa tunay na buhay, hindi superhero." (San Diego, 2009)

Ang pagpapatawa rin ay isa sa mga pinakamahirap gawin, bagay na nadiskubre na ngayon ng mga gumawa ng ***Nobody, Nobody But… Juan*** na dinirihe ni Eric Quizon at pinagbidahan ni Dolphy. Kahit pala ang tinaguriang *King of Philippine Comedy* ay hindi maiaangat ang antas ng pagpapatawa kung ang ginagamit niyang mga elemento ay gasgas na. Hindi na rin nakakagulat na pangalawa ito sa huli sa tala ng kinita ng MMFF. Marahil ay mga dati na niyang tagahanga ang mga nanood nito kung kaya't umabot pa rin sa 31 milyong piso ang kanilang kita.

Malaki sana ang potensiyal ng pelikula para magkomento sa maraming aspeto ng kulturang Pilipino at kulturang Pilipino-Amerikano, o Fil-Am kung tawagin. Si Juan (Dolphy) ay retiradong nagtatanghal sa bodabil noong panahon

ng Hapon, na inaaliw na lamang ang sarili sa panonood ng *noontime show* na ***Wowowee*** sa *nursing home* na pinapatakbo ng anak niyang doktor (Eric Quizon) at asawa nito (G Toengi). Magsisimula ang gulo ng kuwento nang makasamaan ni Juan ng loob ang anak at manugang, at tumakas papuntang Pilipinas nang mag-isa para makapanood ng paborito niyang ***Wowowee***. Doon pa lang ay hitik na sa diskurso ang transnasyunal na epekto ng midya sa natanggalan ng ugat na mga Pilipinong nakikibagay sa mga bansang mas maunlad sa kanilang pinanggalingan nguni't hindi naman nila tahasang niyayakap. Bagkus, ang makikita sa pelikula ay mga gimik na dati nang ginagawa sa mga pelikula ni Dolphy tulad ng paghuhubad/pagsuot ng *diaper* ng mga matatanda para mapagtawanan ang kulubuting mga balat nila, ang mga *slapstick* na komedyang base sa eksaheradong pagsasakitan na mala-***Three Stooges*** ang dating, at iba pa.

Tila kasama pa ang pelikulang ito sa binanggit na "*millennial paradox*" ni Zulueta (2001) nang kanyang analisahin ang estado ng pelikulang Pilipino 10 taon na ang nakalilipas. Malinaw na ang tinutukoy niyang kalidad ay maaaring makita sa ***Wapakman*** at ***Nobody, Nobody But… Juan*** 10 taon sa hinaharap:

> *To revive an industry that had seen its share of the box-office shrink due to strong competition from Hollywood, filmmakers either stuck to old reliable formulas that proved not too reliable anymore or embraced new materials which, despite their reeking of gloss and tinsel, had the fishy smell of the old and tired in them.* (Upang buhaying muli ang industriya na nakakitaan ng pagkalugi sa takilya dahil sa malakas na kumpetisyon mula sa Hollywood, ang mga gumagawa ng pelikula ay nanatili sa paggamit ng luma at maaasahang pormula na napatunayang hindi na pala maaasahan o gumamit ng mga bagong materyal na, sa kabila ng kinang, ay nangamoy luma pa rin. (Zulueta, 2001)

Ang dalawa pang pelikulang "sapat" lamang ang kita ay ang ***Mano Po 6*** at ***Shake, Rattle and Roll XI.*** Marahil nakakaapekto sa kita ang pagiging bahagi ng mga ito sa mga serye ng pelikulang matagal nang nasimulan, lalo na ang ***Shake, Rattle and Roll*** na una pang lumabas noong 1984. Ang unang ***Mano Po*** naman ay naging *Best Picture* sa MMFF noong 2002. Maaaring hudyat na sa mga prodyuser nito na ibahin naman ang paglalahad sa mga elementong nasa kuwento ng pelikula, lalo na sa ***Shake, Rattle and Roll XI*** kung saan makikita sa trilogy ng mga kuwento na parang patikim o *sampling* ito ng pagkopya ng mga dati nang sumikat na Asian horror films. Sa ***Mano Po*** naman, nakaka-engganyo pa rin ang pagkapanalo nito ng maraming award (*Best Director, Best Screenplay, Best Actress, Best Supporting Actress*) pero hindi rin ito dapat maging puhunan

ng paghinto sa pagtutuklas ng mas mahusay pang production values ng serye (kung ito'y itutuloy pa).

## Konklusyon

Malinaw sa kinita ng mga pelikulang kalahok sa MMFF 2009 na, kapag nabigyan ng pagkakataon at tamang motibasyon, lalabas at lalabas pa rin ang mga manonood para tangkilikin ang pelikulang Pilipino sa loob ng mga sinehan – hindi sa piratang DVD, hindi sa *cable* at hindi sa *Internet downloads*. Narito pa rin ang mga mamamayang handang magtabi ng kaunting kinita para manood ng sine at sumuporta sa pelikulang Pilipino.

Tila ang mga susunod na usapin sa pelikula sa larangan ng MMFF ay nakasalalay na sa kamay ng mga prodyuser at filmmaker. Malinaw sa mga temang ipinakita sa mga pelikula na nananatiling mga elementong pasado sa panlasa ng manonood na Pilipino ang nais nilang ipakita sa pinilakang tabing. Kahit pa gamit ang teknolohiyang Hollywood, kung hindi naman kuwentong Pilipino at mga aspetong-buhay na aantig sa buhay-Pilipinas ang makikita natin – kahit sa realistikong antas pa man o pantasya/*folklore* – ay hindi rin ito pagkakaabalahang panoorin.

Isa itong malinaw na panawagan, lalo na sa *artistic community*, na sana nama'y gumawa pa ng mas maraming pelikulang pang-Pilipino ang mga manlilikha, hindi lamang mga pelikulang pang-*international film festival* kung tawagin, na hindi mababaw na hinihimok o tagong hinahamak ang sensibilidad, pang-unawa o intelektuwal na kapasidad ng mga manonood.

## Mga Tala

1 Ang impormasyong ito ay halaw mula sa 23rd Metro Manila Film Festival (1997) *souvernir programme-booklet* sa ilalim ng bahaging *"How Did The MMFF Start?"* Walang pahina, awtor o iba pang pormal na detalyeng pampublikasyon ang nakatala dito. Ipinamamahagi ang *souvenir programme-booket* na ito sa mga kumpanya at indibidwal na kunektado sa MMFF ng nasabing taon bilang *souvenir*.

2 Ang impormasyong ito ay halaw mula sa 24th Metro Manila Film Festival (1998) *souvernir programme-booklet* sa ilalim ng bahaging "Anu-ano ang mga layunin ng MMFF?" at "Ang mga kriteriya sa pamimili ng anim (6) na opisyal na lahok." Walang pahina, awtor o iba pang pormal na detalyeng pampublikasyon ang nakatala dito. Ipinamamahagi ang *souvenir programme-booket* na ito sa mga kumpanya at indibidwal na kunektado sa MMFF ng nasabing taon bilang *souvenir*.

## Talasanggunian

Metro Manila Film Festival. (1997). 23rd MMFF Souvenir Program.

Metro Manila Film Festival. (1998). 24th MMFF Souvenir Program.

San Diego, B. (2009, December 26). Pacman flick knocked out on first day. *Philippine Daily Inquirer*. Retrieved February 10, 2010 from http://showbizandstyle.inquirer.net/entertainment/entertainment/view/20091226-244059/Pacman-flick-knocked-out-on-first-day

San Diego, B. (2010a, January 1). Fantasy continues to rule filmfest box office. *Philippine Daily Inquirer*. Retrieved February 10, 2010 from http://showbizandstyle.inquirer.net/breakingnews/breakingnews/view/20100101-245069/Fantasy-continues-to-rule-filmfest-box-office

San Diego, B. (2010b, January 10). TV networks top MMFF. *Philippine Daily Inquirer*. Retrieved February 10, 2010 from http://showbizandstyle.inquirer.net/entertainment/entertainment/view/20100110-246565/TV-networks-top-MMFF

Velasco, J. (2004). Optimistic view of a year in review. *Sanghaya 2004 Philippine Arts+Culture Yearbook*, 13-19.

Zulueta, L. (2001). Millennial paradox bugs Filipino film. *Sanghaya 2001 Philippine Arts+Culture Yearbook,* 30-39.

---

Si **LIBAY (OLIVIA) LINSANGAN CANTOR** ay nagtuturo sa University of the Philippines Film Institute. Naranasan niya ang mapasabak sa kalakaran ng 1996 at 1997 MMFF noong nagtatrabaho siya sa Premiere Entertainment Productions Inc. Kasalukuyan siyang kolumnista sa ***Manila Times*** ("The Scribe Vibe" tuwing Linggo) at *scriptwriter* ng programang pambata sa GMA-7 (***Sunnyville*** tuwing Sabado, 8:30 n.u.). Siya ay nagawaran na ng dalawang Carlos Palanca Memorial Award for Literature.

This document was created with Win2PDF available at http://www.win2pdf.com.
The unregistered version of Win2PDF is for evaluation or non-commercial use only.
This page will not be added after purchasing Win2PDF.